

And We Talk of Christ

By Elder Gary E. Stevenson
Of the Quorum of the Twelve Apostles

At Nangungusap Tayo tungkol kay Cristo

Ni Elder Gary E. Stevenson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

April 2025 general conference

We are followers of Jesus Christ, and we seek to both receive and share His light.

Tayo ay mga alagad ni Jesucristo, at hangad nating kapwa matanggap at maibahagi ang Kanyang liwanag.

Introduction

At the end of a long overseas assignment, my wife, Lesa, and I stepped into an airport terminal in preparation for just one more flight—a red-eye—to get home. As we stood with many others moving a step at a time in long lines, we could feel the growing anxiety of fellow travelers worried about making flights, getting through passport and visa review, and successfully navigating security checks.

We finally reached a station occupied by a customs officer who seemed unaffected by the high levels of stress and anxiety in the room. She almost mechanically, with no eye contact, reached for my documents, confirmed my picture, thumbed through one page after another, and finally stamped my passport with a heavy thud.

She then reached for Lesa's papers. Devoid of emotion, head down and focused on her work, she methodically thumbed through the pages with an expert eye, focusing on the details of the documents in front of her. We were somewhat surprised when she suddenly stopped, lifted her head, and made eye contact with Lesa in a deliberate and warm upward gaze. With a tender smile, she gently stamped Lesa's passport and handed the documents back to her. My wife smiled in return, accepted the documents, and

Pambungad

Sa pagtatapos ng isang mahabang assignment sa ibang bansa, pumasok kami ng asawa kong si Lesa sa isang airport terminal upang maghanda para sa isa pang flight—na madaling-araw—para makauwi. Habang nakatayo kami kasama ang maraming iba pa na paisa-isang humahakbang sa mahahabang pila, dama namin ang tumitinding pagkabalisa ng kapwa mga manlalakbay na nag-aalala tungkol sa pagsakay sa eroplano, pagdaan sa passport at visa review, at matagumpay na pagdaan sa mga security check.

Sa wakas ay nakarating kami sa isang istasyon na okupado ng isang customs officer na tila hindi apektado ng matitinding stress at pagkabalisa sa silid. Halos mekanikal at hindi tumitingin na kinuha niya ang aking mga dokumento, kinumpirma kung ako nga ang nasa retrato, tiningnang isa-isa ang bawat pahina, at tinatakan nang mariin ang passport ko.

Pagkatapos ay kinuha niya ang mga papeles ni Lesa. Walang emosyon, habang nakayuko at nakatuon sa kanyang ginagawa, binuklat niya ang bawat pahina nang may matalas na mata, na nakatuon sa mga detalye ng mga dokumentong nasa kanyang harapan. Medyo nagulat kami nang bigla siyang tumigil, nag-angat ng ulo, at sinadyang tingnan si Lesa sa mata sa isang sadya at magiliw na tingin. Nang may magiliw na ngiti, malumanay niyang tinatakan ang passport ni Lesa at ibinalik ang mga dokumento. Nginitian

exchanged warm parting words.

“What just happened?” I asked incredulously.

Lesá then showed me what the agent had seen—a small card with the image of the Savior. It had accidentally slipped from Lesá’s purse into the folds of her passport. This is what the customs officer had found. This is what had changed her whole demeanor.

Grace and Truth, by Simon Dewey, courtesy of altusfineart.com, © 2025, used with permission

This small picture of the Savior connected the hearts of two otherwise disconnected strangers. It transformed the impersonal to personal, capturing the beauty, the miracle, and the reality of the Light of Jesus Christ. For the remainder of that day and often since, I have contemplated that sweet, simple moment with awe and have rejoiced in the glorious effect of the Light of Christ upon God’s children.

We Talk of Christ

We are followers of Jesus Christ, and we seek to both receive and share His light. Implicit in the name of the Church is our theology of “Jesus Christ himself being the chief corner stone.” Through ancient and living prophets, our Heavenly Father has commanded us to “hear Him!” and to “come unto Christ.” “We talk of Christ, we rejoice in Christ, we preach of Christ, [and] we prophesy of Christ.”

We teach that Jesus Christ is the Son of God, and during His earthly ministry, Jesus taught His gospel and established His Church.

We testify that at the end of His life, Jesus atoned for our sins when He suffered in the Garden of Gethsemane, was crucified on the cross, and then was resurrected.

We rejoice that because of the Savior’s atoning sacrifice, we can be forgiven and cleansed of our sins as we repent. This brings us peace and hope while making it possible for us to return to God’s presence and receive a fulness of joy.

din siya ng asawa ko, tinanggap ang mga dokumento, at masaya silang nagpaalaman.

“Ano ang nangyari?” tanong ko na takang-taká.

Pagkatapos ay ipinakita sa akin ni Lesá ang nakita ng officer—isang maliit na card na may larawan ng Tagapagligtas. Hindi sinasadyang nahulog ito mula sa pitaka ni Lesá at nasingit sa kanyang passport. Ito ang nakita ng customs officer. Ito ang nagpabago sa buong pagkilos niya.

Grace and Truth [Biyaya at Katotohanan], ni Simon Dewey, sa kagandahang-loob ng altusfineart.com, © 2025, ginamit nang may pahintulot

Ang maliit na larawang ito ng Tagapagligtas ay nag-ugnay sa puso ng dalawang taong hindi magkakilala. Ginawa nitong personal ang hindi personal, na nagpamalas ng kagandahan, himala, at katotohanan ng Liwanag ni Jesucristo. Sa natitirang oras ng araw na iyon at madalas simula noon, pinagnilayan ko na nang may pagkamangha ang magiliw at simpleng sandaling iyon at nagalak ako sa maluwalhating epekto ng Liwanag ni Cristo sa mga anak ng Diyos.

Nangungusap Tayo tungkol kay Cristo

Tayo ay mga alagad ni Jesucristo, at handag nating kapwamatanggapatmaibahagi ang Kanyang liwanag. Ipinahihiwatig sa pangalan ng Simbahan ang ating teolohiya na “si Cristo Jesus [mismo] ang batong panulok.” Sa pamamagitan ng mga sinauna at buhay na propeta, inutusan tayo ng ating Ama sa Langit na “Pakinggan Siya!” at “lumapit kay Cristo.” “At nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagalak tayo kay Cristo, nangangaral tayo tungkol kay Cristo, [at] nagpopropesiya tayo tungkol kay Cristo.”

Itinuturonatin na si Jesucristo ang Anak ng Diyos at sa panahon ng Kanyang ministeryo sa lupa, itinuro ni Jesus ang Kanyang ebanghelyo at itinatag ang Kanyang Simbahan.

Pinatotohanannatin na sa pagtatapos ng Kanyang buhay, nagbayad-sala si Jesus para sa ating mga kasalanan nang Siya ay magdusa sa Halaman ng Getsemani, ipako sa krus, at mabuhay na mag-uli pagkatapos.

Nagagalaktayo na dahil sa nagbayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas, maaari tayong mapatawad at malinis mula sa ating mga kasalanan kapag tayo ay nagsisi. Maghahatid ito sa atin ng kapayapaan at pag-asa habang ginagawa nitong posible na makabalik tayo sa kinaroonan ng Diyos at makatanggap ng lubos na

We prophesy that because of Jesus's Resurrection, death is not the end but an important step forward. "We will all be resurrected after we die. This means that each person's spirit and body will be reunited and live forever."

Come unto Christ

Living prophets in our day—who receive revelation from God to teach and lead us—are increasingly inviting us to come unto Christ. They are helping us to center our hearts, ears, and eyes more fully on Him. We could cite numerous examples of adjustments and enhancements announced by the First Presidency that are designed to focus us on Jesus Christ. Some of these include:

The decision to retire the name "Mormon Church" and to replace it with the correct name, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints.

The availability of new, inspired Christ-themed art for display in meetinghouses.

Young Women and Aaronic Priesthood quorum themes and music focused on Jesus Christ, such as "Disciple of Christ" and "Look unto Christ."

Greater emphasis on the Atonement and literal Resurrection of Jesus Christ as the most glorious events in history.

Celebration of Easter as a season and not just a holiday, with an emphasis on Jesus Christ.

The introduction of the visual identifier of the Church of Jesus Christ and its symbolic nature.

Let us look closer at the impact of some of these. First, the Church symbol.

The Church Symbol

In 2020, President Russell M. Nelson introduced a new visual identifier for the Church. This symbol reflects the truth that Christ is at the center of His Church and should be at the center of our lives. We now see this familiar symbol on temple recommends, on Church websites and

kagalakan.

Ipinopropesiyanatin na dahil sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesus, hindi kamatayan ang wakas kundi isa itong mahalagang hakbang pasulong. "Tayong lahat ay mabubuhay na mag-uli pagkatapos nating mamatay. Ibig sabihin nito, ang espiritu at katawan ng bawat tao ay magsasamang muli at mabubuhay nang walang hanggan."

Lumapit kay Cristo

Ang mga buhay na propeta sa ating panahon—na tumatanggap ng paghahayag mula sa Diyos upang turuan at akayin tayo—ay lalong nag-aanyaya sa atin na lumapit kay Cristo. Tinutulungan nila tayo na mas lubos na isentro ang ating puso, tainga, at mata sa Kanya. Maaari nating banggitin ang maraming halimbawa ng mga pagbabago at pagsasaayos na inihayag ng Unang Panguluhan na nilayon upang ituon tayo kay Jesucristo. Kasama sa ilan sa mga ito:

Ang desisyon na itigil na ang paggamit ng pangalang "Simbahang Mormon" at palitan ito ng tamang pangalan, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Ang pagkakaroon ng bago at inspiradong sining na may tema tungkol kay Cristo para idispley sa mga meetinghouse.

Ang mga tema at musika ng Young Women at Aaronic Priesthood ay nakatuon kay Jesucristo, tulad ng "Disipulo ni Cristo" at "Asahan si Cristo."

Mas nagbibigay-diin sa Pagbabayad-sala at literal na Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo bilang pinakamaluwalhating mga kaganapan sa kasaysayan.

Ang pagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay ay isang panahon at hindi lamang isang pista-opisyal, na nakatuon kay Jesucristo.

Ang pagpapasimula ng visual identifier ng Simbahan ni Jesucristo at ang likas na pagiging simbolo nito.

Tingnan natin nang mas mabuti ang epekto ng ilan sa mga ito. Una, ang simbolo ng Simbahan.

Ang Simbolo ng Simbahan

Noong 2020, ipinakita ni Pangulong Russell M. Nelson ang isang bagong visual identifier para sa Simbahan. Ang simbolong ito ay sumasalamin sa katotohanan na si Cristo ang sentro ng Kanyang Simbahan at dapat na maging sentro ng ating buhay. Nakikita natin ngayon ang pamilyar

magazines, as the icon for the Gospel Library app, and even on military ID tags for many members of the Church serving in the armed forces. The symbol includes the name of the Church contained within a cornerstone, a reminder that Jesus Christ is the chief cornerstone, shown here in Cambodian and in use in 145 languages.

The center of the symbol is a representation of Bertel Thorvaldsen's beloved marble Christ statue, which has become widely associated with the Church and is found in visitors' centers and on temple grounds around the world. Its prominence in the Church symbol suggests that Christ should be the center of all we do. Likewise, the Savior's outstretched arms indicate His promise to embrace all who will come unto Him. This symbol is a visual representation of the love of the Savior Jesus Christ and a constant reminder of the living Christ.

Out of curiosity, I have inquired of many families and friends concerning one important element of the Church symbol. Surprisingly, many are not aware of a hallowed feature that it embodies. Jesus Christ stands under the arch. This represents the resurrected Savior emerging from the tomb. We truly celebrate the resurrected, living Christ, even in the use of the Church symbol.

Higher and Holier Easter

Now let us contemplate the significance of Easter. In recent First Presidency messages concerning Easter, we have been challenged to "celebrate the Resurrection of our living Savior by studying His teachings and helping to establish Easter traditions in our society as a whole, especially within our own families." In short, we have been encouraged to move to a higher and holier celebration of Easter.

I love continuing revelation concerning

na simbolong ito sa mga temple recommend, sa mga website at magasin ng Simbahan, bilang icon para sa Gospel Library app, at maging sa mga military ID tag para sa maraming miyembro ng Simbahan na naglilingkod sa hukbong sandatahan. Kasama sa simbolo ang pangalan ng Simbahan na nasa loob ng isang batong panulok, isang paalala na si Jesucristo ang punong batong panulok, na makikita rito sa wikang Cambodian at ginagamit sa 145 wika.

Ang gitna ng simbolo ay kumakatawan sa minamahal na marmol na rebultong Christus ni Albert Bertel Thorvaldsen, na naging malawak ang kaugnayan sa Simbahan at matatagpuan sa mga visitors' center at sa mga bakuran ng templo sa iba't ibang panig ng mundo. Ang pagiging bantog nito sa simbolo ng Simbahan ay nagpapahiwatig na si Cristo dapat ang maging sentro ng lahat ng ating ginagawa. Gayundin, ang nakaunat na mga bisig ng Tagapagligtas ay nagpapahiwatig ng Kanyang pangako na tanggapin ang lahat ng lalapit sa Kanya. Ang simbolong ito ay isang visual na representasyon ng pagmamahal ng Tagapagligtas na si Jesucristo at palagi ang paalala ng buhay na Cristo.

Sa sagastuhang mag-usisa, nagtanong ako sa maraming pamilya at kaibigan tungkol sa isang mahalagang elemento ng simbolo ng Simbahan. Nakagugulat na marami ang hindi nakaaalam sa isang banal na katangiang kinakatawan nito. Si Jesucristo na nakatayosa ilalim ng arko. Kinakatawan nito ang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas na lumalabas mula sa libingan. Tunay na ipinagdiriwang natin ang nabuhay na mag-uliat buhay na Kristo, maging sa paggamit ng simbolo ng Simbahan.

Mas Dakila at Mas Banal na Pasko ng Pagkabuhay

Ngayon ay pagnilayan natin ang kahalagahan ng Pasko ng Pagkabuhay. Sa mga mensahe ng Unang Panguluhan kamakailan tungkol sa Pasko ng Pagkabuhay, hinikayat tayo na "ipagdiriwang ang Pagkabuhay na Mag-uli ng ating buhay na Tagapagligtas sa pamamagitan ng pag-aaral ng Kanyang mga turo at pagtulong na magtatag ng mga tradisyon sa Pasko ng Pagkabuhay sa ating lipunan sa kabuuan, lalo na sa sarili nating pamilya." Sa madaling salita, hinihikayat tayo na gawing mas dakila at mas banal ang pagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay.

Gustung-gusto ko ang patuloy na pagha-

Easter and am gratified for your many efforts to make Easter a sacred and holy occasion. In addition to holding a one-hour sacrament meeting on Easter Sunday, other examples of worthy activities include ward and stake devotionals and activities on Palm Sunday as well as during Holy Week. These remembrances include activities with children and youth and often incorporate interfaith choirs. Others have held “Living Christ” open houses for members and friends and have participated in multid denominational community Easter events.

Such activities mirror the multitudes in the city of Jerusalem whose voices joined together to praise the Savior during His triumphal entry. Equally impressive are reports of your responses to the First Presidency’s invitation to worship at home as families to commemorate this most important holiday.

I believe that family worship surrounding Easter has elevated remarkably. Two years ago, I spoke about our family’s determination to improve the way we honor Easter. Admittedly, this is still a work in progress. We have always enjoyed a special Easter Sunday meal, Easter baskets, and an Easter egg hunt, and we still do. However, adding an intentional spiritual dimension that focuses on Jesus Christ and His Atonement to our celebration has brought a sweet balance to our commemoration of these most holy of all events.

This year will be our third attempt to make Easter more Christ-centered. Like the Christmas nativity, our family Easter Day play includes rudimentary costumes, reading of scriptures from the New Testament and Book of Mormon, music, Easter pictures, palm fronds—and a little chaos, if I’m being completely honest. Children and grandchildren reading and reciting the Palm Sunday praises of “Hosanna ... Blessed is he that

hayag hinggil sa Pasko ng Pagkabuhay at natutuwa ako sa maraming pagsisikap ninyo na gawing sagrado at banal na okasyon ang Pasko ng Pagkabuhay. Bukod sa pagdaraos ng isang oras na sacrament meeting sa Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay, ang iba pang mga halimbawa ng karapat-dapat na aktibidad ay kinabibilangan ng mga debosyonal at aktibidad ng ward at stake sa Linggo ng Palaspas gayundin sa buong Semana Santa. Kabilang sa mga paggunitang ito ang mga aktibidad kasama ang mga bata at kabataan at kadalasang sinasamahan ng mga koro ng iba’t ibang relihiyon. Ang iba ay nagdaos ng “Living Christ” na mga open house para sa mga miyembro at kaibigan at lumahok sa mga kaganapan sa Pasko ng Pagkabuhay ng iba’t ibang relihiyon sa komunidad.

Ang gayong mga aktibidad ay sumasalamin sa maraming tao sa lungsod ng Jerusalem na ang mga tinig ay nagsama-sama upang purihin ang Tagapagligtas sa Kanyang matagumpay na pagpasok. Kahanga-hanga rin ang mga ulat tungkol sa inyong mga tugon sa paanyaya ng Unang Panguluhan na sumamba sa tahanan bilang pamilya para gunitain ang napakahalagang pista-opisyal na ito.

Naniniwala ako na ang pagsamba ng pamilya patungkol sa Pasko ng Pagkabuhay ay nag-ibayong husto. Dalawang taon na ang nakalilipas, nagsalita ako tungkol sa determinasyon ng aming pamilya na mapagbuti ang paraan ng paggunita namin sa Pasko ng Pagkabuhay. Aaminin ko na hindi pa namin lubusang nagagawa ito. Noon pa man ay nasisiyahan na kami sa espesyal na pagkain sa Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay, mga Easter basket at Easter egg hunt, na ginagawa pa rin namin. Gayunman, ang pagdaragdag ng taimtim na pinag-isipang espirituwal na dimensyon na nakatuon kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala sa ating pagdiriwang ay nagdudulot ng kalugod-lugod na balanse sa ating paggunita sa pinakabanal sa lahat ng mga kaganapan.

Sa taong ito ang aming ikatlong pagsisikap na gawing mas nakasentro kay Cristo ang Pasko ng Pagkabuhay. Tulad ng kuwento ng kapanganakan ni Cristo, kabilang sa dula ng aming pamilya sa Pasko ng Pagkabuhay ang mga simpleng costume, pagbabasa ng mga banal na kasulatan mula sa Bagong Tipan at Aklat ni Mormon, musika, mga larawan ng Pasko ng Pagkabuhay, mga palaspas—at kaunting kaguluhan, kung gus-

cometh in the name of the Lord; Hosanna in the highest” and “This is Jesus ... of Galilee” seem as relevant as “Peace on earth, good will to men” is at Christmastime.

We now enjoy a mix of decorations. What was once almost exclusively bunnies and Easter eggs is now balanced with the Christ and images of the empty tomb, the resurrected Savior appearing in the garden outside the tomb, and the Savior’s appearance to the Nephites. We are also striving to make Easter a season rather than just a day. We are trying to be more conversant, thoughtful, and celebratory of Palm Sunday and Good Friday and of the sacred events that took place during all of Holy Week.

Easter allows us to honor both the atoning sacrifice of Jesus Christ and the literal and joyous Resurrection of Him. Our hearts are heavy as we imagine the Savior’s suffering in the garden and upon Calvary, but our hearts rejoice as we envision the empty tomb and the heavenly decree “He is risen!”

A Literal Resurrection

Recent First Presidency encouragement to look “forward to Easter and the Resurrection of Jesus Christ—the most glorious of all messages to mankind” highlights the magnitude of this season. While there appears to be a growing trend among various Christian theologians to view the Resurrection in figurative and symbolic terms, we affirm our doctrine that “the Resurrection means that all who have ever lived will be resurrected, and the Resurrection is literal.” “For as in Adam all die, even so in Christ shall all be made alive.” Jesus Christ broke the bands of death for every living soul.

We truly stand all amazed at the grace Jesus offers us. We embrace His words that “greater

to kong lubos na maging tapat. Ang mga anak at apo na nagbabasa at bumibigkas ng mga papuri sa Linggo ng Palaspas na “Hosana ... Mapalad ang dumarating sa pangalan ng Panginoon! Hosana sa kataas-taasan!” at, “Ito ... si Jesus ... ng Galilea” ay tila kasinghalaga ng “Sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya” sa Kapaskuhan.

Ngayon ay nagagalak kami sa halu-halong mga dekorasyon. Ang dating halos puro mga kuneho at Easter egg ay naragdagan na ngayon ng Christ at mga larawan ng libingang walang laman, ng nabuhay na mag-uling Tagapagligtas na nagpapakita sa halamanan sa labas ng libingan, at ng pagpapakita ng Tagapagligtas sa mga Nephita. Sinisikap din naming gawing isang panahon ang Pasko ng Pagkabuhay sa halip na isang araw lamang. Sinisikap naming mas pag-usapan, alalahanin, at ipagdiwang ang Linggo ng Palaspas at Biyernes Santo at ang mga sagradong kaganapang nangyari sa buong Semana Santa.

Pinahihintulutan tayo ng Pasko ng Pagkabuhay na gunitain kapwa ang nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo at ang Kanyang literal at masayang Pagkabuhay na Mag-uli. Nalulungkot tayo kapag iniisip natin ang pagdurusa ng Tagapagligtas sa halamanan at sa Kalbaryo, ngunit nagagalak ang ating puso kapag nakikita natin ang libingang walang laman at ang makalangit na pahayag na “Siya’y nagbangon!”

Isang Literal na Pagkabuhay na Mag-uli

Kamakailan ay hinikayat tayo ng Unang Panguluhan na “hintayin nang may kasabikan ang Pasko ng Pagkabuhay at ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo—ang pinakamaluwalhati sa lahat ng mensahe sa sangkatauhan” na nagtatampok sa kahalagahan ng panahong ito. Bagama’t tila mas nagiging palasak na sa iba’t ibang teologong Kristiyano na ituring ang Pagkabuhay na Mag-uli sa simbolikong mga kataga, pinagtitiyap namin ang aming doktrina na “ang Pagkabuhay na Mag-uli ay nangangahulugan na lahat ng nabuhay ay mabubuhay na mag-uli, at ang Pagkabuhay na Mag-uli ay literal.” “Sapagkat kung paanong kay Adan ang lahat ay namatay, gayundin kay Cristo ang lahat ay bubuhayin.” Nilagot ni Jesucristo ang mga gapos ng kamatayan para sa bawat kaluluwang nabubuhay.

Tunay ngang namamangha tayo sa biyayang alay sa atin ni Jesus. Naniniwala tayo sa Kanyang

love hath no man than this, that a man lay down his life for his friends.”

C. S. Lewis stated that “to preach Christianity meant [to the Apostles] primarily to preach the Resurrection. ... The Resurrection is the central theme in every Christian sermon reported in the Acts. The Resurrection, and its consequences, were the ‘gospel’ or good news which the Christians brought.”

I proclaim that “there is a resurrection, ... the grave hath no victory, and the sting of death is swallowed up in Christ.”

Conclusion and Testimony

In conclusion, I testify that all who accept the invitations from our living prophet and his counselors to more intentionally commemorate the holy events that Easter represents will find that their bond with Jesus Christ grows ever stronger.

Just days ago, I learned about a grandmother who rehearsed the Easter story with her four-year-old grandson by using simple replicas of the tomb, the stone that covered the sepulchre, Jesus, Mary, the disciples, and the angel. The little boy watched and listened intently as his grandma shared the burial, closing and opening of the tomb, and the garden scene of the Resurrection. He later carefully repeated the story in surprising detail to his parents as he moved the figures about himself. Following this sweet moment, he was asked if he knew why we have Easter. The boy looked up and with childlike reasoning answered, “Cuz Him’s alive.”

I add my testimony to his—and to yours and to that of angels and prophets—that He is risen and that He lives, of which I testify in the name of Jesus Christ, amen.

mga salita na “walang may higit pang dakilang pag-ibig kaysa rito, na ibigay ng isang tao ang kanyang buhay dahil sa kanyang mga kaibigan.”

Sinabi ni C. S. Lewis na “ang pangangaral ng Kristiyanismo ay nangangahulugan [sa mga Apostol] nag pangangaral ng Pagkabuhay na Mag-uli. ... Ang Pagkabuhay na Mag-uli ang pangunahing tema sa bawat sermon ng mga Kristiyano na nakaulat sa Mga Gawa. Ang Pagkabuhay na Mag-uli, at ang mga kinahinatnan nito, ay ang ‘ebanghelyo’ o mabuting balita na inihatid ng mga Kristiyano.”

Ipinapahayag ko na “may pagkabuhay na mag-uli, ... hindi nagtagumpay ang libingan, at ang tibo ng kamatayan ay nalulon kay Cristo.”

Katapusan at Patotoo

Bilang pagtatapos, pinatotohanan ko na lahat ng tumatanggap sa mga paanyaya ng ating buhay na propeta at ng kanyang mga tagapayo na mas sadyang gunitain ang mga banal na kaganapan na kumakatawan sa Pasko ng Pagkabuhay ay madarama na lalong tumitibay ang kanilang ugnayan kay Jesucristo.

Ilang araw pa lang ang nakararaan, nalaman ko ang tungkol sa isang lola na ikinukuwento ang Pasko ng Pagkabuhay sa kanyang apat na taong gulang na apo sa pamamagitan ng paggamit ng mga simpleng replika ng libingan, ng batong nakatakip sa libingan, ni Jesus, ni Maria, ng mga disipulo, at ng anghel. Tumingin at nakinig na mabuti ang musmos na batang lalaki habang ikinukuwento ng kanyang lola ang paglilibing, ang pagsasara at pagbubukas ng libingan, at ang tagpo ng Pagkabuhay na Mag-uli sa halamanan. Kalaunan ay maingat niyang inulit sa kanyang mga magulang ang kuwento nang napakadetalyado habang ginagalaw niya mismo ang mga pigurin. Kasunod ng nakaaantig na sandaling iyon, tinanong siya kung alam niya kung bakit may Pasko ng Pagkabuhay. Tumingala ang bata at sumagot sa pananalita ng isang musmos, “Kasi po buhay Siya.”

Idinaragdag ko ang aking patotoo sa kanyang patotoo—at sa patotoo ninyo at ng mga anghel at propeta—na Siya ay nagbangon at na Siya ay buhay, na pinatotohanan ko, sa pangalan ni Jesucristo, amen.